

1 Kasal

Kapag kinasal ang isang Hapon sa isang dayuhan o isang dayuhan ay kinasal sa isa pang dayuhan, kailangan nilang sundin ang domestikong batas na angkop sa kanilang bansa. Kapag isa sa kanila ay Hapon, kailangan niyang matugunan ang sumusunod na legal na kailangan:

[Mga kailanganin sa pagpakasal ng isang Hapon]

- Ang legal na edad para magpakasal ay parehong 18 taong gulang pataas para sa babae at lalaki.
- Hindi pinapayagan ang pag-aasawa ng higit sa isa (polygamy).
- Hindi magkakamag-anak ang dalawang ikakasal.

(1) Kasal ng isang Hapon sa isang dayuhan

Kapag kinasal ang isang Hapon sa isang dayuhan sa Japan, kailangan nilang sundin ang angkop na batas ng Japan at magpatala ng kanilang kasal sa city hall o sa opisina ng lungsod/bayan kung saan nakarehistro ang kanilang pinanggalingang tahanan(domicile of origin).

[Mga papeles na kailangan]

- Kailangan ang pirma ng 2 witness na nasa legal na edad na 18 taong gulang pataas, at kung dayuhan ang witness, kailangang nasa legal na edad din ito sa ilalim ng batas sa sariling bansa.
- ID (driver's license, passport atbp.) ng taong magsusumite ng report
- Certificate of No Marriage Record. Kailangan na naka-translate din sa salita at sulat Hapon;
- ※ Alin man dito sa lahi, pangalan, araw ng kapanganakan, o kasarian ay hindi makompirma ng Certificate of No Marriage Record ay kailangan magbigay ng mga kasulatang ito:
- Katunayan ng nasyonalidad ng asawang dayuhan (pasaporte, atbp) na naka translate sa lenggwahe ng Hapon.
- Birth certificate ng asawang dayuhan na may pagsasalin sa salitang Hapon.
- ※ Kailangan ng address at pirma ng tagapagsalin sa hulihan ng dokumentong isinalin sa wikang Hapon.

Ilalabas ng Embassy ng bawat bansa na nasa Japan ang Certificate of No Marriage Record na nabanggit sa itaas, na nagpapatunay na kuwalipikado siyang mag-asawa ayon sa batas ng kaniyang bansa. Kailangan ng dayuhan na mag-aasawa sa Japanese na magsumite ng mga dokumentong hinihiling ng Embassy ng bansa niya, at patiunang kumuha mula sa Embassy ng Certificate of No Marriage Record.

Dahil iba't iba ang pangalan ng Certificate at kung anu-ano ang nakalagay sa

Certificate na inilalabas ng bawat bansa, pakisuyong magtanong sa Embassy na nasa Japan o opisina ng munisipyo tungkol sa detalye.

Kapag marriage certificate, i-ulat iyon sa Embassy na nasa Japan o consulate dala ang mga dokumentong kailangan. Pakisuyong magtanong sa Embassy na nasa Japan tungkol sa detalye.

Pagkatapos mag-asawa, ang kabiyak na dayuhan na may status of residence ay makakapag-aplay ng pagbabago ng status of residence bilang Spouse or Child of Japanese National.

(2) Kasal ng dayuhan sa kapwa dayuhan

Kapag ang isang dayuhan ay magpapakasal sa isa ring dayuhan ayon sa paraan ng mga Hapon, kailangan nilang mag-sumite ng sumusunod na mga dokumento sa City Hall ng lungsod/bayan na tinitirahan ng sino man sa kanila:

[kakailanganing mga dokumento]

- Kailangan ang pirma ng 2 witness na nasa legal na edad na 18 taong gulang pataas, at kung dayuhan ang witness, kailangang nasa legal na edad din ito sa ilalim ng batas sa sariling bansa.
- Certificate of No Marriage Record. Kailangan na nakasalin din sa salita at sulat Hapon galing sa dalawang dayuhan.
- Katunayan ng nasyonalidad ng asawang dayuhan (pasaporte, atbp) na nakasalin sa salitang Hapon.
- * Kailangan ng address at pirma ng tagapagsalin sa hulihan ng dokumentong isinalin sa wikang Hapon.

Kapag marriage certificate, i-ulat iyon sa Embassy na nasa Japan o consulate dala ang mga dokumentong kailangan. Pakisuyong magtanong sa Embassy na nasa Japan tungkol sa detalye.

2 Diborsyo

(1) Diborsyo ng isang Hapon sa isang dayuhan Kapag gusto ng

Kapag gusto ng Hapon ng diborsyo mula sa asawang dayuhan, parehas silang nakatira sa Japan, maaari silang magpadiborsyo sa ilalim ng batas ng Japan.

① Diborsyong napagsang-ayunan (by consent)

Ito ay diborsyong napagkasunduan ng parehong partido. I-sumite ang sumusunod na mga papeles sa municipal office na nakasaad o sa rehistradong address ng isa sa partido.

[Mga papeles na kailangan]

- Kailangan ang pirma ng 2 witness na nasa legal na edad na 18 taong gulang pataas, at kung dayuhan ang witness, kailangang nasa legal na edad din ito sa ilalim ng batas sa sariling bansa.

- Kopya ng Certificate of Residence ng asawang Hapon
- ID (driver's license, passport atbp.) ng taong magsusumite ng report

② **Diborsyo ng may pamamagitan (by mediation)**

Kapag mayroong pagtatalo sa dahilan o kondisyon ng diborsyo sa pagitan ng mag-asawa at hindi sila magkasundo sa diborsyo, maaari sila magpatala para sa mamamagitan sa korteng pangpamilya. Tatalakayin sa pamamagitan ang kustodya ng mga bata, gastos sa pagpapalaki, hatian ng pag-aaari, karapatan na makita ang mga anak.

Kung naaprubahan ang diborsyo nang may pamamagitan, isumite ang Notification of Divorce kalakip ng Divorce Mediation Transcript sa loob ng 10 araw kabilang ang araw na naaprubahan ito.

③ **Diborsyo sa pamamagitan ng paglilitis o pagpasya**

Kapag hindi nagtagumpay ang pamamagitan, ang diborsyo ay maaaring pagpasyahan ng korteng pang pamilya sa pamamagitan ng paglilitis. Sa kaso ng diborsyo sa pamamagitan ng paglilitis o pagpasya, isumite ang Notification of Divorce kalakip ng Court Order Transcript at Certificate of Judgement, o kaya ay Judgement Transcript at Certificate of Judgement sa loob ng 10 araw kabilang ang araw na napagpasyahan ang diborsyo.

(2) **Diborsyo ng isang dayuhan sa isa pang dayuhan**

Kapag ang mag-asawang dayuhan ay pareho ang nasyonalidad at ang kanilang bansa ay may sistema ng diborsyo na may pagsang-ayon, ang pamamaraan ng diborsyo na may pagsang-ayon ay maaring gawin sa Japan, sang-ayon sa batas ng kanilang lugar. Kapag magkaiba ang kanilang nasyonalidad at pareho silang nakatira sa Japan o may mahalagang koneksyon sa Japan, maari silang mag diborsyo na may pagsang-ayon(by consent) ayon sa batas ng Japan.

Subalit, maraming mga bansa ang hindi tumatanggap ng diborsyo ng pagsang-ayon, kailangan ng kumpirmasyon ng bawat bansa ng bawat isa sa kanila. Kapag ginagawa ang pamamaraan na ito, sila ay kailangang maglakip ng dokumento na pagpapatunay ng nasyonalidad, dokumento ng patunay ng kasalukuyang estado ng kasal na isyu ng lokal na awtoridadat mga dokumento na pagpapatunay ng pagkakaroon ng sistema ng diborsyo ng pagsang-ayon sa kanilang bansa. Para sa mga detalye, magtanong sa inyong embahada na nasa Japan o Municipal Office.

(3) Kahilingan ng hindi pagtanggap

Ang asawa ay maaaring mag-abiso ng hindi pagtanggap ng ulat ng diborsyo sa city hall upang mapigilan ang pagpasa ng ulat ng kanyang asawa nang hindi niya alam, at maisagawa ang diborsyo ayon sa isang panig lamang. Kinakailangang Hapon ang kahit sino sa partido. Ang bisa ng pag-abiso ng hindi pagtanggap ay walang itinakdang panahon. Subalit, kapag ang aplikante ay nag-sumiti ng hindi pagpapatuloy, ang panahon ng hindi pagtanggap ay matigil. Kailangan ang pirma (sa kasong Hapon ang magpapasa ng kahilingan), ID (driver's license, passport atbp.) ng taong magpapasa ng kahilingan. Sa karagdagan, kailangan na ang taong may kahilingan ang mismong pumunta sa counter para isagawa ang proseso. Ang pag-aabiso ng hindi pagtanggap ay tinatanggap lamang kapag tungkol sa kasal, diborsyo, pag-ampon, kanselasyon ng pag-ampon at pagkilala.

(4) Estado ng paninirahan pagkatapos ng diborsyo

Dapat iulat ng isang dayuhan na nakipagdiborsyo sa isang Hapon sa malapit na regional immigration bureau sa loob ng 14 araw mula ng araw ng pagdiborsyo. Gayundin, kung kasal nang 3 taon o mas matagal matapos makuha ang estado ng paninirahan ng "asawang Hapon", may posibilidad na ma-approve ang pagbabago ng estado ng paninirahan sa pangmatagalang residente.

Bukod dito, ang mga dayuhang magulang na anak sa kanyang asawa at nasa kanya ang kustodiya ng bata, o nag-aalaga ng batang iyon, may posibilidad na ma-approve ang pagbabago ng estado ng paninirahan sa pangmatagalang residente.

Para sa mga detalye, mangyaring makipag-ugnay sa immigration bureau. Tingnan ang nakaraang mga seksyon para sa mga kailangang mga dokumento para sa pagbabago ng estado ng paninirahan.

Sa Immigration Control and Refugee Recognition Act na nirebisa noong 2009 at ipinatupad noong 2012, ipinapahintulot sa Immigration Services Agency of Japan na magkansela ng kuwalipikasyon sa loob ng panahon ng status of residence na nabanggit sa itaas. Ibig sabihin, kapag naninirahan sa Japan ang dayuhan na kabiyaq na may status of residence ng Spouse or Child of Japanese National o Spouse or Child of Permanent Resident na hindi gumaganap ng mga gawain ng taong nasa katayuan bilang asawa nang tuloy-tuloy mahigit 6 buwan, posibleng ikansela ang visa ng Immigration Services Agency of Japan, malibang mayroong nararapat na mga dahilan. Bilang isang halimbawa ng nararapat na mga dahilan, kasalukuyang inaasikaso pa ng nasa dalawang panig ang pagdidiborsiyo at kung sino ang may karapatang mag-alaga sa mga anak na may nasyonalidad ng Japan.